

MAGANDANG BALITA NG



ISSUE NO.3 | PERIOD: DECEMBER 2022

Ang Sambayanihan® ay nabuo mula sa mga salitang "samba", "bayan, bayani, "bayanihan", "ani" at "anihan" na tumutukoy sa "transformational movement" na nais maisakatuparan ng TSPI sa mga komunidad. Naglalayon ito na magsagawa ng iba't ibang programa sa tulong ng TSPI Mutual Benefit Association, Inc. (MBAI) at mga ka-partner na mga organisasyon para sa values formation, karagdagang kaalaman sa paghawak ng negosyo at pagsasaka, pagpapahalaga sa kalusugan at pagtulong sa iba pang pangangailangan ng miyembro, kapamilya at ng komunidad.



PAGLILINGKOD TULAD NI HESUS (Serve Like Jesus)

Ngayong taon, ang tema sa pagdiriwang ng anibersaryo ng TSPI ay "Serve Like Jesus" o paglilingkod tulad ni Jesus. Paano nga ba maglilingkod tulad ni Jesus bilang center leaders ng grupo? Mahalagang malaman muna ang mga katangian ni Jesus upang higit na maunawaan ang tunay na diwa ng paglilingkod.

Ang "Sampung Katangian ng Servant Lider" ang paksang nakapaloob sa "Servant Leadership Training" na ginanap sa buwan ng Nobyembre-Disyembre, 2022. Ito ay isinagawa ng mga Ministry Partners ng TSPI at TSPI Area Managers sa Sambayanihan Center at Branch Office. May labing-dalawang (12) batches ng training na dinaluhan ng humigit kumulang 300 Center Leaders. Lubos ang pasasalamat ng TSPI sa mga Ministry Partners na nagsagawa ng leadership training na sina:

1. Pastor Reynaldo Chua - Lucena Branch
2. Pastora Luzviminda Rillo - Balayan at Indang Branch
3. Pastor Salutiano Leosala Jr. -Tayabas Branch
4. Pastor Mike Santos -San Fernando, Camarines Sur
5. Pastor Estanislao "Jhun" Villaraza Jr. - Labo Branch
6. Pastora Maricris Marce - Naga Branch
7. Pastora Lorna Marquez - Nasugbu Branch
8. Pastor Duane Lladone Garcera - Valenzuela Branch

Sina Pastor Rey Chua, Pastor Jhun Villaraza, Pastor Duane Garcera at Pastora Luzviminda Rillo ay pinarangalan ng TSPI bilang kasama sa 10 Most Outstanding Ministry Partners noong December 16. Sila ay boluntaryong naglilingkod nang higit na sa sampung taon sa mga kawani ng TSPI upang lalo silang maging handa sa paglilingkod sa ating mga miyembro.

Si Ms. Dia Zagala, Area Manager ng Quezon 1, ay nagsagawa din ng "Servant Leadership Training" sa mga center leaders ng Sariaya at Tiaong Branches. Si Ms. Ritchie Dinglasan, Area Manager ng South Central 1 ay tumulong din sa iba't-ibang activities ng training na ginanap sa Balayan Branch.

Sa ating mga Center Leaders na nakadalo ng "Servant Leadership Training," nawa'y magliwanag kayong katulad ng Panginoong Jesus sa inyong mga tahanan, ka-sentro at komunidad. Laging alalahanin na ang tunay na hangarin ng pamumuno ay magbigay karangalan sa Panginoon at laging isaalang-alang ang kapakanan ng kapwa.

Maging pagpapala sa iba at ipakita ang tunay na paglilingkod tulad ng Panginoong Jesus!

UPDATE SA BILANG NG SAMBAYANIHAN CENTERS (AS OF NOVEMBER 2022)

Sector	# of Branches	Sambayanihan Centers	%	Number of Center Meetings Held	Sambayanihan Center Locations
Central	14	6	43%	467	Quezon City, Antipolo, Taguig, SDO, Baluag, Valenzuela
North 1	18	12	67%	62	San Carlos, Umingan, Marasiqui, Manaoag, Mangalaoan (2), Bolinao, San Fabian, Tayug (2), Urdaneta
North 2	21	9	43%	86	Batac, Pinaric, Vigan, Cabugao, Magsingal, Narvacan, Pasayun, Candian, Tubao
North Central 1	11	14	127%	479	Gerona, Moncada, Paritiqui, Tarlac (2), Cabanatuan (2), San Pao, Apalit, Capas, Palayan, Gapan, Paritiqui, Camiling
North Central 2	11	7	64%	189	Tuguegarao, Cauayan, Cabatuan, Santiago, San Jose, Guimba, Tabara
South 1	16	16	100%	963	Candelaria, Calauag (2), Sariaya, Tayabas, Mulanay, Almonan, Tagkawayan, Union, Tayabas, Lucena 1, Catanduanan, Sta. Elena, Agangan, Lopez, Tiang
South 2	16	12	75%	828	Naga, San Fernando, Calabanga, Pili, Nabua, Polangui, Ugao, Daraga, Legazpi, Labao, Oda, Iiga
South Central	13	9	69%	97	Indang (3), Balaian (2), Nagcaran, Nasugbu, DRR (Bacoal), Nagcaran
TOTAL	120	85	71%	3,171	



MABUTING BALITA, ATING ISAGAWA!

At ang sinumang nais maging pinuno ay dapat maging alipin ng lahat.

Marcos 10: 44



I-KWENTO ANG INYONG MAGANDANG BALITA!

Magsambayanihan na rin tayo sa pag-contribute ng mga kwento para sa ating newsletter! Ibahagi na ang magandang balita tungkol sa mga activities na nagaganap sa inyong mga Sambayanihan Centers. Ipadala ang inyong kwento sa email <mfguevara@tspi.org> at samahan ng magandang pictures!

Ang kwento mo, i-***MBNS** na yan!

*MBNS - Magandang Balita ng Sambayanihan

Pasko na, Pasko na, halina't magsaya
Kaligayahan sa puso ating madarama!

Diwa ng Sambayanihan® ating ipakita,
Sa pagpasok ng bagong taon
tayo ay magkaisa.

MGA SAMBAYANIHAN® ACTIVITIES NA INIHAHANDA PARA SA 2023!

Maraming kaabang-abang na gawain sa Sambayanihan® Centers ang naghihintay para sa taong 2023! Sa patuloy na sama-samang paglilingkod ng mga members, kapamilya, kawani at mga ka-partners ng TSPI, mas maraming magagawa at mapagpapala!

Abangan at makibahagi sa pagahahanda para sa mga sumusunod:



Usapang Pag-unlad



Kasalang Bayan




Kamalayan sa Kalusugan ng Komunidad (3K)



Debosyon kay Kristo




Usapang Agree




Batang Kristyano



Handog para sa Gami-Eskwela



Senior Moments




Kalusugan Karaban



Gawad Parangal para sa mga Pinuno



Munting Pasko



Usapang Paglago kay Kristo



Gulayan Project



Digitalization



Feeding Program